# ILAW NG PAG-ASA

## Kalendaryo ng Panalangin

2025년 10월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**Panangin para sa naaabusong Kababaihan**

Ayon sa World Health Organization, isa a tatlong kababaihan sa buong mundo ang nakakaranas ng pisikal, emosyonal at pangkabuhayang karahasan sa kanilang boong buhay. Ang karahasan sa tahanan ang pinakamataas ang porsiento, habang ang pang-aapi na may kinalaman sa internet at sapilitang pagpapakasal ay malubha ding mga isyu. Sa Africa lamang, mahigit 230 milyon na mga batang babae at kababaihan ang sumasailalim sa pagkakapon (FGM). Ibuhos ninyo ang inyong sugatang puso at malumbay na kaluluwa sa Panginoon. Nawa, ang kapayapaan, panibagong lakas, at pag-asa na ibinibigay ng Panginoon ay maghari sa atin at panumbalikin tayo, upang makayanan nating magpatawad sa kanila na nanakit sa atin. Ang Diyos, na lumikha sa atin, ay nagnanais na alalahanin natin, na tayo ay Kanyang mga mahal na anak, at inaanyayahan Niya tayo na lumapit sa Kanya upang makatagpo ng tunay na kapahingahan.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니

**1.** Pinupuri ka namin, Panginoon, dahil sa pamamagitan ng aming mga kamanggagawa sa Albania, ang mga inabusong kababaihan ay natagpuan si Cristo at ngayon, sila ay mga tagapaghatid na rin ng pagbabago upang makatulong sa iba pang mga kababaihan na nagdurusa! (Ps. 18:48)

**2.** Panginoon, magdala ka ng maayos na kalusugang pangkaisipan at kagalingan sa mga kabataang babae sa Cambodia na maaaring may kaisipan na magpakamatay dahil sa nabigong relasyon. (Ps. 55:22)

**3.** Diyos, palayain Mo ang mga ina at anak sa Central Asia na namumuhay sa takot na maabuso ng kanilang sugapang asawa at ama. (Prov. 29:25)

**4.** Maraming kaso ng mga babae sa China ang nagdurusa dahil sa hindi naiuulat na pangaabusong seksual. Panginoon, gumawa Ka sa buhay nila, ingatan Mo sila, panumbalikin at pagalingin. (Ps.10:17–18)

**5.** Ama, maraming kababaihan sa Northern Cyprus ang nalilinlang hanggang sa makumpiska ang kanilang pasaporte at napipilitan na lamang magtrabaho bilang patutot. Palayain Mo po sila sa pisikal at sa spiritual. (Isa. 61:1)

**6.** Diyos, palayain Mo ang mga kababaihan sa Denmark na naabuso sa tahanan o napagsasamantalahan sa prostitusyon at industriya ng pornograpya. (2 Sam. 22:2-3)

**7.** Ama, salamat dahil may mga masisilungan sa Finland para sa mga ina at kanilang mga anak na biktima ng karahasan sa tahanan. Magdala Ka nawa ng kagalingan sa kanilang buhay. (Ps.139:5)

**8.** Ang mga kaso ng karahasan sa loob ng tahanan sa France ay dumoble mula pa noong 2016. Panginoon, nawa ang mga kalalakihan ay sumunod sa Iyong Salita na mahalin ang kanilang asawa at huwag maging malupit sa kanila. (Col. 3:19)

**9.** Panginoon, pagalingin Mo at ingatan ang mga kababaihan sa Indonesia na hindi alam na nahawa na sila ng HIV galing sa kanilang mga ka-partner. Marami ay naipapasa ang sakit sa kanilang mga anak, at hindi alam na sila pala ay mga tagapagdala ng sakit. (Ps. 30:2)

**10.** Diyos, iligtas Mo ang mga kababaihan na nakakaranas ng pangaabuso sa Japan. Nawa ay matagpuan nila si Jesus bilang kanilang Tagapagligtas, malaman ang Kanyang pag-ibig at makatanggap ng kagalingan. (Ps. 103:6-8)

**11.** Ama, magtindig ka ng mga mamumuno sa Iglesia sa Liberia para tugunan ang isyu ng pakikipagtalik sa kapamilya. Magdala Ka ng kagalingan at tulong sa mga kababaihan at batang babae na tahimik na nagdurusa dahil sa takot at kahihiyan. (Ezek. 22:11)

**12.** Panginoon, ingatan Mo ang mga batang babae Malaysia mula sa mapanganib na gawain ng pagtutuli sa mga babae. Pagalingin Mo ang kanilang mga sugat at aliwin ang kanilang Espiritu. Palambutin Mo ang puso ng mga pinuno upang makagawa sila ng mga batas upang tapusin ang kalupitang ito sa lalong madaling panahon. (Isa. 1:17)

**TWR Korea 북방선교방송**
서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr

**13**. Nawa ang mga batang nobya, ang mga nakabilanggo at sila na nasa mahirap na kalagayan sa Middle East ay makatagpo ng Kalayaan at malaman ang kanilang tunay na halaga kay Jesus. (Gal. 5:1)

**14**. Apatnapung porsiento ng mga kababaihan sa Mongolia ay nakakaranas ng pang-aabusong emosyonal at pangkabuhayan. Ama, pagalingin Mo sila at magbigay Ka ng ligtas na lugar para sa kanila. (Jer. 22:16)

**15**. Ama, nawa ang mga biktima ng panggagahasa, pakikipagtalik sa kapamilya, sapilitang pag-aasawa o pisikal at emosyonal na pang-aabuso sa Nigeria ay makatagpo ng kapayapaan at pag-iingat mula sa Iyo. Nawa, ang bawat nang-aabuso ay maparusahan. (Ps. 32:7)

**16**. Maraming mananampalatayang kababaihan sa Hilagang Afrika ang humaharap sa pag-uusig, pag-alipusta at pagsasamantala. Nawa ang Banal na Espirito ang magbigay ng pag-asa at katatagan sa pamamagitan ni Hesus. (Acts 14:22)

**17**. Ang mga kababaihan ay itinuturing na pag-aari ayon sa kaugaliang pagbili ng asawa sa Papua New Guinea. Panginoon, Ikaw ang maghilom ng sugat sa mga nakaranas ng pagka-abuso at nayurakan ang pagkatao. (Jer 22:3)

**18**. Panginoon, dinggin Mo ang mga pag-iyak ng mga kababaihan sa Pilipinas na nakaranas ng pang-aabuso at natanggalan ng puri. Pagalingin Mo sila at bantayan upang manumbalik ang nasira nilang buhay. (Jer. 33:6)

**19**. Habang ang mga karahasan at pananakit sa salita ay dumadami sa bansang Portugal, Panginoon, nawa, may mga batas na maisagawa upang magkaroon ng pagtatanggol sa kababaihan. Magtindig Ka ng mga kalalakihan na magkakaroon ng paggalang sa kanila. (Matt. 22:39)

**20**. Panginoon, bigyan Mo ang mga pinuno ng Pamahalaang Timog Africa ng sapat na karunungan upang sawatain ang malalang suliranin ng pang-aabuso at panggagahasa sa mga kabataan at kababaihan. (1 Tim. 2:1-2)

**21**. Tuwing ikatatlo o ikaapat na araw ay mayroong namamatay mula sa karahasan sa panliligaw sa lugar ng Timog Korea. Panginoon, bigyan Mo ng kaliwanagan ang mga mamamayan na ang karahasang ito ay hindi pagmamahal. (Eph. 4:31-32)

**22**. Panginoon maraming kababaihan sa Tanzania ang nasa panganib dahil sa pagkapon at pagpalo sa katawan bilang kaparusahan, Panginoon magdala Ka ng pagbabago upang mahinto ang ganitong kaugalian. (Gal. 5:14)

**23**. Panginoon, ikaw ang tumulong sa mga biktima ng pananakit sa loob ng pamilya dito sa bansang Timor-Leste, sila ay natatakot magsalita dahil sa sobrang kahirapan at kahihiyan. Ikaw po ang magliwanag upang mapatigil ang ganitong paghihrap at kalakaran. (Prov. 31:8-9)

**24**. Ama, Ikaw po ang magtanggol sa mga kababaihang biktima ng pampamilyang karahasan sa bansang Uruguay, kung saan umaabot sa isang daang sumbong ang natatanggap. Ikaw po ang magdala ng pagbabago sa puso sa mga salarin. (Prov. 18:10)

**25**. Panginoon bigyan Mo ng kaaliwan ang mga kababaihan sa Vietnam, na mga alipin ng kapighatian ng kalooban at spiritual na tanikala. Ikaw ang magbigay ng kagalingan sa durog na puso at iangat Mo ang kanilang pagkatao at pakawalan Mo sila sa pagkaalipin sa pamamagitan ng iyong walang kapantay na pagmamahal. (Isa. 40:29-31)

**26**. Panginoon, bigyan Mo ng kagalingan ang 28 walong kababaihan ng Zanzibar na sumailalim sa pagsasanay sa bagong programa ng TWR na trauma healing. (Ps. 34:18)

**27**. Ama, aming pong hinihiling ang pagbabago ng kaugalian sa Cambodia, kung saan maraming batang kababaihan ang sapilitang isinusugo sa pagpapakasal, lalo na sa probinsiya. (Rom. 13:10)

**28**. Panginoon, kami po ay nagsusumamo para sa mga kababaihang nasa Gitnang Silangan na nakaranas ng pang-aabuso at di pagtanggap sanhi ng kanilang pananampalataya kay Cristo. Ikaw Panginoon, ang magbigay ng kalakasan at kagalingan. (Rom. 8:31)

**29**. Ama, hinihiling namin ang mga pagbabago sa mga mapang-aping kaugalian at pamamaraan na nagdudulot ng pagdurusa sa mga kababaihan sa bansang Hilagang Nigeria. (Gal. 3:28)

**30**. Dalawampung bahagi ng kababaihan ay nakararanas ng pang- aabuso mula sa kanilang asawa minsan sa kanilang buhay. Nawa ay maiulat ito sa mga kinauukulan upang magdulot ng pagbabago sa mga salarin. (Ps. 51:10)

**31**. Panginoon, sa isang sariwang pag-uulat ng Nagkakaisang Bansa, isang kababaihan ang napapaslang tuwing sampumg minuto sa buong mundo. Nagsusumamo kaming ingatan Mo ang mga kababaihan at nawa ay magkaroon sila ng malalim pananampalataya sa Iyo. (Ps. 46:1)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**